Mga Serbisyo ng Pagparada ng Lungsod ng Long Beach

MGA CITATION SA PAGPARADA

Upang magbayad para sa isang citation sa pagparada, maaari kang maghanap ayon sa Citation number o Notice number. Matatagpuan ang iyong citation number sa orihinal na tiket o sa Abiso ng Citation sa Pagparada. Upang maghanap ayon sa Citation number, kakailanganin mo ang parehong Citation number at oras ng paglabag. Kung mayroon kang nakasulat-kamay na citation na may 7 digit, pakilagyan ang citation number ng 00 sa unahan. Upang maghanap ayon sa Notice Number, kakailanganin mo ang Notice number (matatagpuan sa Abiso ng Citation sa Pagparada) at ang 5 digit na Zip Code.

Dadalhin ka sa isang ligtas na website na hino-host ng isang third party na vendor.

IMPORMASYON TUNGKOL SA NAHULING PAGBABAYAD:

Ang pagbabayad na natanggap namin sa aming opisina pagkatapos ng takdang pesta ay magsasanhing magdagdag ng isang multa sa pagkahuli. HINDI tatanggapin ang mga postmark. Ang kabiguang ipaliwanag ang isang citation sa pamamagitan ng pagbabayad ay maaaring mag-resulta sa pagpigil sa rehistro ng iyong sasakyan sa Kagawaran ng mga Sasakyan at magkakaroon ng multa bilang karagdagan sa nabanggit na halaga. Higit pa, ang rehistradong may-ari ay maaaring mapasailalim sa isang sibil na paghuhusga pati na ang pagharang sa iyong Buwis sa Estado.

Paano kung wala akong citation number?

Kung wala kang citation number, tumawag sa Mga Citation ng Pagparada ng Lungsod ng Long Beach sa (562)570-6822. Ihanda ang iyong lisensyadong plaka o ang pangalan ng Rehistradong May-ari.

Magkano ang kabayaran sa pagpoproseso?

Ang kabayaran sa pagpoproseso ay $1.59 para sa bawat citation na sinisingil ng isang 3rd party na vendor. Hindi tumatanggap ang Lungsod ng Long Beach ng anumang pera.

Gaano katagal bago makita ang aking bayad?

Ina-update ang citation kasama ang iyong kabayaran sa oras na matagumpay mong makumpleto ang iyong transaksyon (Naglalaman ang pahina ng pagtanggap ng transaction number). Kung naniniwala kang hindi matagumpay na nakumpleto ang pagbabayad, **HUWAG SUBUKANG GAWIN ANG PAREHONG PAGBABAYAD.** Ito ay upang tiyaking hindi ka nagsusumite ng dobleng kabayaran. Makipag-ugnayan sa Customer Service sa (562)570-6822 para sa tulong.

PAANO KO IAAPELA ANG ISANG CITATION?

Mga Karaniwang Dahilan na HINDI Sumusuporta sa Pag-alis ng Citation:

- Wala akong perang pambayad.

- Hindi pa ako nakatanggap ng citation dati.
- Hindi ko alam na hindi ako puwedeng pumarada dito.

Paunang Repaso- Upang Iapela ang Citation sa Unang Antas (California Vehicle Code 40215.(a).

Kung gusto mong iapela ang isang citation sa pagparada, kailangan mong humiling ng isang repaso sa loob ng 21 araw mula sa petsa ng pag-isyu. Maaari mong i-click ang button na “Iapela ang Citation” upang isumite ang iyong kahilingan. Hanggang (3) dokumento ang maaaring ilakip para sa repaso.

Dadalhin ka sa isang ligtas na website na hino-host ng isang third party na vendor.

Sa pamamagitan ng Koreo:	Nang Personal:
Parking Citations PO Box 22766 Long Beach, CA 90801	City of Long Beach City Hall 333 West Ocean Blvd, Lobby Level Long Beach, CA 90802

Kapag umaapela, kailangan mong isaad ang (mga) dahilan para sa paghiling ng isang Administratibong Repaso at magsama ng mga kopya ng lahat ng mga sumusuportang dokumento (ang mga dokumento ay hindi na isasauli) na may kinalaman sa citation, iyon ay, mga larawan, impormasyon tungkol sa may hawak ng permiso, mga pahayag ng saksi, atbp. Kailangang sundin ang proseso ng Administratibong Repaso upang iapela ang isang citation sa pagparada.

May 2 opsyon upang iapela ang isang Citation sa May Kapansanan.

#1- Iapela ang citation (CVC 40215) sa loob ng 21 araw mula sa petsa ng citation o 14 na araw mula sa pagpapadala ng abiso sa pabayang paglabag sa pagparada.

-O-

#2 Bilang kapalit ng pag-apela, mag-remit ng $25 Failure to Display na Plakard: Administratibong Multa (CVC 40226) upang maproseso ang kanselasyon ng citation sa anumang kaso kung saan ang indibidwal na nakatanggap ng citation ay maaaring magpakita ng ebidensyang siya ay nabigyan ng isang may bisang plakard sa oras na natanggap ang citation. Kailangang kasama sa kahilingan ang isang nilagdaang pahayag ng may-ari ng plakard na siya ay naroon sa oras ng pag-isyu ng citation, isang kopya ng plakard at isang kopya ng photo identification ng may-ari ng plakard.

Administratibong **Pagdinig-Upang Iapela ang isang Citation sa Ikalawang Antas (CVC 40215.(b).**

Kung narepaso na ang isang citation at hindi ka nasisiyahan sa mga resulta, maaari kang humiling ng isang Administratibong Pagdinig. Kakailanganin kang magbayad ng buong halaga ng citation sa pagparada at $25.00

Isang kabayaran sa Administratibong Pagdinig pagsapit ng takdang petsa ng Pinagtibay na abiso. Maaaring isagawa ang kahilingan para sa Pagdinig sa pamamagitan ng internet, koreo o personal at maaaring hilingin sa takdang petsa ng iyong abiso. Kinakailangang isaad sa kahilingan kung ikaw ay

humihiling ng isang pagdinig nang personal o sa pamamagitan ng koreo. Kung hinihiling mo ang pagdinig nang personal, aabisuhan ka ng tungkol sa petsa at oras ng pagdinig at kinakailangan mong magpakita sa oras na iyon. Kung himiling ka ng isang pagdinig sa pamamagitan ng nakasulat na deklarasyon, maaari kang magsumite ng karagdagang dokumento bago ang pagdinig para sa kosiderasyon ng opisyal ng pagdinig. Aabisuhan ka sa pamamagitan ng koreo ng desisyon ng opisyal ng pagdinig. Kung hindi ka nasisiyahan sa desisyon, mayroon kang karapatang maghain ng apela sa Hukumang Superyor.

Hukumang Superyor- Upang iapela ang isang Citation sa Ikatlong Antas (CVC 40230.(a).

40230.(a)Sa loob ng 30 araw ng kalendaryo pagkatapos ipadala sa koreo o sa pamamagitan ng personal na paghatid ng panghuling desisyong inilarawan sa subdibisyon (b) ng Seksyon 40215, ang umaapela ay maaaring humiling ng repaso sa pamamagitan ng pagsampa ng isang apela na pakikinggan ng hukuman ng munisipyo, o sa pamamagitan ng hukumang superyor sa isang bansa kung saan walang hukumang ng munisipyo, kung saan ang katulad ay pakikinggan muli, maliban sa mga nilalaman ng file ng nagpoprosesong ahensya sa kasong tatanggapin bilang ebidensya. Isang kopya ng abiso sa paglabag sa pagparada o, kung ang citation ay na-isyu sa elektronikong pamamaraan, isang totoo at tamang abstract na naglalaman ng impormasyon na nakasaad sa abiso sa paglabag sa pagparada ay tatanggapin bilang ebidensya bilang prima facie na ebidensya ng mga katotohanang nakasaad dito. Isang kopya ng abiso sa pag-apela ay ihahain nang personal o sa pamamagitan ng primera klaseng sulat ng nagpoprosesong ahensya ng umaapela. Para sa mga layunin ng pagbibilang sa panahon ng 30 araw ng kalendaryo, mailalapat ang Seksyon 1013 ng Kodigo ng Civil Procedure. Ang isang paglilitis sa ilalim ng subdibisyon ay isang limitadong sibil na kaso.

MGA MABILIS NA LINK

Mga Frequently Asked Question
Humiling ng isang Lugar para sa May Kapansanan

MGA APLIKASYON

» Buwanang Permiso sa Pagparada
» Aplikasyon para sa Red Tip Driveway
» Aplikasyon para sa Lugar ng Paradahan para sa May Kapansanan
» Aplikasyon para sa Preferential na Permiso
» Aplikasyon para sa Oversized na Sasakyan

PAGPARADA SA HARAP NG DAGAT

» Mga Taunang Permiso sa Dalampasigan
» I-launch ang Ramp na Paradahan

MGA ELEKTRONIKONG SASAKYAN

» Paghahanap sa mga Charging Station

MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN

» Naharangang Driveway?
72 oras na pagparada? - 562.435.6711
» Opisina ng Citation - 562.570.6822
» SP+ (Central na Paradahan) - 562.570.8055